Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagtukoy ng Kayarian ng Pangungusap

Panuto: Isulat ang titik **P** sa patlang kung ang kayarian ng pangungusap ay *payak*, **T** kung ito ay *tambalan*, at **H** kung ito ay *hugnayan*.

_____ 1. Ang bagong tuta niya ay isang *pitbull* at pinangalanan niya itong Junior.

_____ 2. Magaling umarte ang mga aktor at aktres sa pelikulang napanood ko.

_____ 3. Gusto nilang magbisikleta subalit masama ang lagay ng panahon ngayon.

_____ 4. Ang tunay na kaibigan ay mapagkakatiwalaan sa panahon ng kagipitan.

_____ 5. Habang umaawit si Fiona, si Jenny ay tumutugtog ng piyano.

_____ 6. Iligpit na ninyo ang mga laruan sa sala bago dumating sina Tatay at Nanay.

_____ 7. Pag-aralan natin ang mga talambuhay ni Jose Rizal at Andres Bonifacio.

_____ 8. Pagkatapos ng napakalakas na lindol, nakita nila na halos lahat ng mga gusali ay bumagsak.

_____ 9. Mananaliksik tayo sa silid-aklatan o makikipanayam tayo sa mga dalubhasa.

_____ 10. Magaling tumugtog ng piyano si Jenny at mahusay kumanta ang ate niya.

_____ 11. Ang mahirap na gawain ay gumagaan kapag tayo ay nagtutulungan.

_____ 12. Ang kalayaan ay matatamo ng mga mamamayan na nagkakaisa.

_____ 13. Pinatunayan ni Loren na karapat-dapat siya maging pinuno ng samahan.

_____ 14. May narinig siyang malakas na dagundong kaya siya ay biglang bumangon.

_____ 15. Ipaalam mo sa amin kung may balita sa telebisyon tungkol sa halalan.

_____ 16. Ang reyna ay lumabas sa mataas na balkonahe at kumaway sa mga tao.

_____ 17. Ang pangulo at ang kanyang mga tagapayo ay nagpupulong sa Malacañang.

_____ 18. Upang lalong maunawaan ninyo ang aralin, magbibigay ako ng ilang halimbawa.

_____ 19. Simula nang naging alkalde si Ginang Tomas, marami ang pagbabago sa lungsod.

_____ 20. Nakapasa siya sa gusto niyang kolehiyo pero walang pambayad ng matrikula ang kanyang mga magulang.